
*TABANG ELEMENTARY SCHOOL*
*San Francisco, Bulakan, Bulacan*

*PRE-TEST IN*
*EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO I*



*Pangalan___________________________________________Baitang_______________*

*Panuto. Tukuyin at bilugan ang letra ng kakayahang ipinapakita ng larawan*



1. *A. Pagsayaw B. Paggitara C. Pag drowing*



2. *A. Pagpinta B. Pagtakbo C. Pagsayaw*

3. *A. Paglangoy B. Pagtula C. Pag – awit*

*Panuto: Bilugan ang letra ng wastong sagot.*

*4. Mahilig kang umawit nais itong marinig ng iyong lolo at lola. Ano ang gagawin mo?*
*a. hindi ako kakanta b. aawitan ko sila c. magtatatgo ako*

*5. Maliksi ka sa larong takbuhan. Nagkaroon ng paligsahan sa inyong paaralan nais ng iyong guro na ikaw ay sumali. Ano ang gagawin mo?*
*a. iiyak ako b. hindi na ako papasok sa paaralan c. sasali ako sa paligsahan*

*6. Nais ng bunso mong kapatid gumawa ng saranggola, marunong kang gumawa nito. Ano ang gagawin mo?*
*a. makikipaglaro ako sa iba c. paiiyakin ko siya*
*b. tutulungan ko gumawa ng saranggola ang kapatid ko*

*7. Ang _______ay dapat gamitin upang mangatwiran ng tama at totoo.*
*a. dila b. kamay c. mata*

*8. Ang ______________ay mabuting paggamit ng ating dila.*
*a. pakikipagdaldalan b. pagsasabi ng masama sa kapwa c. pagdarasal*

*9. Si Keianna ay mahilig sa porcorn, kendi at tsokolate. Araw- araw siya ay nagpapabili sa kanyang Nanay. Ano ang mangyayari sa ngipin ni Keianna?*
*a. masisira b.puputi c. gaganda*

*10.Ugali ni Lian ang maghugas ng kamay bago kumain upang makakaiwas sa_______*
*a. lamok b. sakit c. mikrobyo*
*11. Minsan nagkasakit si Daniel, ngunit ayaw niya uminom ng gamot. Umiiyak siya tuwing iinom ng gamot. Ang ugali ni Daniel ay_______________.*
*a. tama b. mali c. dapat tularan*

*12. Tuwang – tuwa sina Cristoffer at Rhoanne dahil sila ay naglalaro sa tubig baha.*
*a. tama b. mali c. ewan*

*13. Si kuya ay palaging inuutusan pero hindi naman siya sumusunod. Gagayahin mo ba siya?*

*a. hindi po  b. opo  c. ayoko po*

*14. Laging tinutulungan ni Vincent ang kanyang tatay sa pagsisibak ng kahoy.*

*Si toto ay ___________.*

*a. basagulero  b. matulungin  c. tamad*

*15. Kaarawan ng Lolo mo ngunit wala kang regalo. Ano ang gagawin mo?*

*a. iiyak ako  b. magtatago  c. Yayakapin at babatiin ko si Lolo*

*16. Nais mong kumuha ng kanin pero ito'y malayo sa iyo. Ano ang gagawin mo?*

*a. Pahingi ng kanin  b. Pakiabot po ang kanin  c. Hoy! Kanin nga.*

*17. Tinatawag ka para kumain pero hindi pa tapos ang pinananood mong palabas. Ano ang gagawin mo?*

*a. papatayin ang TV at sasabay sa pagkain  c. hindi muna ako kakain*

*b. kakain sa harap ng TV*

*18. Mainit ang sabaw, paano mo ito hihigupin?*

*a. hihigupin ko bigla  c. hihigupin ko ng dahan dahan*

*b. hihigupin ng malakas ang tunog*

*18. Hatinggabi na wala pa ang tatay mo, sinabi ng nanay mo na mauna na kayo kumain. Ano ang gagawin mo?*

*a. uubusin ko ang lahat ng pagkain c. titirahan ng konti si tatay*

*b. ipagtabi muna ng pagkain sina tatay at nanay bago ako kumain.*

*20. Ang pamilya ay dapat ____________ sa pagdadasal*

*a. sama-sama b. kanya-kanya c. isa-isa*

*21. Masaya ang pamilyang sama-sama sa _____________ sa ating Panginoon.*

*a. pagkikipag-away b. pagdarasal c. pagkain*

*22. Laging nag-aaway ang ate at kuya mo. Ano ang gagawin mo?*

*a. sisigawan sila b. sasabihin ko kay nanay c. Sasali ako sa away*

*23. Sama-sama ang ______________ sa pagsisimba tuwing Linggo.*

*a. magkakaibigan b. mag-anak c. mag asawa*

*24. Tumatayo ako at bumabati sa panauhin ng aming paaralan.*

*a. tama b. mali c. dapat*

*25. Ang bawat pamilya ay hindi dapat na _______________*

*a. nagmamahalan b. nagkakaisa c. nag aaway*